**KAILANGAN KONG MAMILI**
**Lord's Flock Worship Service Topic**
Ni: Fr. Alex Balatbat
Hulyo 12, 2025

Ang pariralang ***"Hindi ang aking kalooban kundi ang Iyong kalooban"*** ang buod ng maka-Kristyanong pag-uugali at ang pagpapasakop sa Panginoon – ang aktibong pagpili para maihanay ang ating kalooban sa kalooban ng Diyos.




Maaaring hindi laging nakahanay ang ating pag-ugali at pagnanasa sa Kanyang kalooban. Ang pagpili kung ano ang tama ay hindi laging ibig sabihin ginagawa ang Kanyang kalooban.  Ang pagganap sa kalooban ng Diyos ay nangangailangan ng matinding **PANG-UNAWA**.

1. **BAKIT MAHALAGA ANG PANG-UNAWA?**

   1.1. **PARA MALAMAN ANG KATOTOHANAN.** Nakatutulong ito sa pagkilala sa pagitan ng katotohanan at kasinungalingan, kung saan ang katotohan ay laging naka-ugat sa mga turo ng Diyos.

   1.2. **PARA MAKAIWAS SA PANLOLOKO.** Para makagabay sa pagkilala sa mapanlinlang na impluwensya at boses ni Satanas. Si Satanas ay panginoon ng kasinungalingan. Ipinapakilala niya ang kanyang sarili bilang isang "anghel ng liwanag" at ginagaya ang tinig ng Panginoon para manipulahin ang katotohanan. Sinasamantala niya ang kagustuhan ng tao at kahinaan sa pamamagitan ng pagkubli sa masama na ginagawang kaakit-akit.

   1.3. **PARA MAKAPAGBIGAY NG MABUTING PAGHATOL.** Makatutulong sa pag-iwas nang madaliang desisyon batay sa emosyon. Makikilala ang kahalagahan ng paghihintay sa takdang panahon ng Diyos at hindi nagmamadali sa pagdedesisyon, na kadalasan nagbubunga ng pagsisisi.

   1.4. **PARA MAKARANAS NG KAPANATAGAN NG LOOB.** Nagbibigay ng tiwala na ang pag-uugali at paniniwala ay dapat nakahanay sa kalooban ng Diyos, na nakatutulong sa pagpili ng naaayon sa Kanyang kalooban.

2. **PAANO MAUNAWAAN ANG KALOOBAN/BOSES NG DIYOS?**

   2.1. **PANALANGIN**. Maglaan ng panahon sa panalangin para mapalalim ang taimtim na pagninilay at aktibong pakikinig sa gabay ng Diyos sa pamamagitan ng impresyon sa sarili at saloobin. Ang impresyon ay napatutunayan sa tulong ng Salita ng Diyos.

   2.2. **SALITA NG DIYOS.** Pag-aralan ang Salita ng Diyos para malaman ang Kanyang katangian at  Kanyang mga pangako. Napatutunayan ng Banal na Kasulatan ang mga impresyong bunga ng mga dasal, taimtim na pagninilay at payo mula sa ibang tao.

   2.3. **MATALINONG PAYO.** Humingi ng payo sa mga namumuno ng komunidad at sa mga may edad na sa pananampalataya. Nagsasalita ang Diyos sa pamamagitan ng mga taong naniniwala sa Kanya.

3. **PAANO MALALAMAN KUNG ANG DESISYON AY AYON SA KALOOBAN NG DIYOS?**

   3.1. Nagdudulot ng kasiyaan at kapanatagan ng loob.
   3.2. Nagbubunga ng pag-ibig. *(1 Cor 13:1-3);* Ang Diyos ay pag-ibig *(1 John 4:8).*
   3.3. Nagkakaroon ng pagsubok (paghihirap, sakripisyo, at/o pagsubok sa pananampalataya).
   3.4. Tumitibay ang pananalig at nagiging kamukha ng Diyos.

**Konklusyon:**
Ang pang-unawa ay mahalaga sa pagkilala at pagsuko sa kalooban ng Diyos. Kaya, palalimin natin ang pananalangin, pag-aaral sa Salita ng Diyos, paghingi ng matalinong payo para makahanay ang ating mga napili sa kalooban ng Diyos at mapagpakumbabang sabihing, ***"Hindi ang aking kagustuhan kundi ang IYONG kalooban ang magaganap."***

**Pagninilay:**
1. Isipin ang mga napili sa nakaraan at tingnan kung may napili kang pinagsisisihan sa ngayon. Bakit?
2. Paano mo nasasanay ang iyong pang-unawa sa iyong espiritwal na paglalakbay?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit ni:Vera I. Tuplano
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:  #Kaloobanng Diyos#Pang-unawa